# Sagwan

**Gloc-9**

Kahit malalim lulusongin ko
Lahat ng alon haharangin ko
Kahit malayo tatahakin ko kung itoy babalik sayo
Marami besis man lumisan pa sayo parin palagi ang punta
Kahit ilang bagyo wala sa akin
Makakapigil pa makita lang kita

Seaman ang tawag sa amin
Ibat-iba man ang gawain
Hali nat kilalanin mo ako
man ay pasalinsalin
Parang ihip ng hangin
Kailangan unawain nyo ako

Si domingo evahelista akoy nanggaling pa probinsya
Lumowas don sa maynila baka sakali lang kumita
Ng pang gastos sa bawat araw nangangarap na balang araw
Mag sagwan sa malaking bangka ang tawag ay barko
Taga hugas ng pinggan pagkatapos ligpitin ang pinagkaina
Yoniporme ko puti na palagi madume huwag nyo na tignan inyo pakinggan ang kw
ento ng bawat tao sa dagat pa lutang lutang sa tubig alat makapag trabaho an
g tanging balak
Para sa pamilya handang sumabak ang mga

Seaman ang tawag sa amin
Ibat-iba man ang gawain
Hali nat kilalanin mo ako
man ay pasalinsalin
Parang ihip ng hangin
Kailangan unawain nyo ako

Akoy mangaawit sa barko pag gabi tawag sa akin ay rey
Pero pangalan ko ay reni sunod sunod ang mga tip
Kaya lagging may pang bili kahit ano kakantahin
Basta malakas ang tili kapag bumirit kinikilig lahat ng kababaihan
Oo ang sagot kahit hindi ko pa nililigawan
Halo halo pabango na ang kumapit sa unan hindi na mabilang kaya ngayon may k
aramdaman

Ako naman si tonio ang kanang kamay ng kapitan
Asinsado na tila ba walang mapaglagyan ng salapi
Pag uwe mahirap mag ngite parang mali
Ang tubo ng mga iniwang kung binhi na lulung sa bisyo at
Tumigil na sa pag-aaral palaging naka ngeti ang kilos ay tila mabagal
Ang mahal ko asawa tangay ang lahat karangyaan pa pala ang syang dahilan ang
 sagabal sa buhay

Kahit malalim lulusongin ko
Lahat ng alon haharangin ko
Kahit malayo tatahakin ko kung itoy babalik sayo
Marami besis man lumisan pa sayo parin palagi ang punta
Kahit ilang bagyo wala sa akin
Makakapigil pa makita lang kita

Na punasan ko na po ang kahulihulihang plato
Na linisan ko na din at mabango na mga banyo
Habang nag papahinga at mag isa sa aking kwarto

Pa ulit2 ko sinasabi ang aking pangako
Sa aking pamilya at mga anak asawa na iwan sa pilipinas
Nakakaiyak man di binitawan larawan nyo khit pa na susuka na ako sa alon ang inyong kinabukasan ang syang tanging ko baon at ng lumaon ay makauwe sabay n umahon sa kahirapan na bahagi na lamang ng kahapon
pero sanay maintindihan upang muling masindihan natin ang kalan at ng malagy an ang hapagkainan lalayo muli dadaong sa ibang bayan kahit madalas ay dagat lang ang nasisilayan sampu ng mga kababayan ko tinitibayan pagasa tangan-tangan na singtibay ng kawayan

Kahit malalim lulusongin ko
Lahat ng alon haharangin ko
Kahit malayo tatahakin ko kung itoy babalik sayo
Marami besis man lumisan pa sayo parin palagi ang punta
Kahit ilang bagyo wala sa akin
Makakapigil pa makita lang kita

Seaman ang tawag sa amin
Ibat-iba man ang gawain
Hali nat kilalanin mo ako
man ay pasalinsalin
Parang ihip ng hangin
Kailangan unawain nyo ako

Tištěno z pisnicky-akordy.cz
Sponzor: www.srovnavac.cz - vyberte si pojištění online!